PAGSUSURI SA MGA GAWAING PASULAT NG MGA MAG-AARAL SA BAITANG 7 TUNGO SA PAGPAPAUNLAD NG PAGTUTURO SA INTELEKWALISADONG PAGSULAT

GLADYZ C. GONZALES
Researcher

Master of Arts in Education
Major in Filipino

Abstrak

Ang pag-aaral na ito ay isang qualitative research na gumamit ng tiyak na pamamaraang pagsusuring pangnilalaman. Ito ay ginamit upang matukoy at masuri ang mga kamalian o kahinaan sa mga gawaing pasulat ng mga mag-aaral sa Baitang 7 at ang mga suliraning nararanasan ng mga mag-aaral sa pagsulat upang makapagmungkahi sa pagpapaunlad ng pagtuturo tungo sa intelektwalisadong pagsulat.

Ang mga kalahok sa pag-aaral ay mga mag-aaral sa Baitang 7. Ang mga sulatin nila ay sinuri alinsunod sa Binagong Gabay sa Ortograpiya ng Wikang Filipino. Gumamit din ng talatanungan sa pag-aaral na ito upang matukoy mismo mula sa mga mag-aaral ang mga suliraning kanilang nararanasan sa pagsulat.

Sa resulta ng ginawang pag-aaral ay nakitaan ang mga gawaing pasulat ng mga mag-aaral ng mga kamalian sa wastong gamit ng mga bantas, wastong gamit ng salita, pagbabaybay ng mga salita at anyo ng pagsulat. Sa naging resulta sa mga sagot ng mga mag-aaral hinggil sa talatanungan tinukoy nila na hindi gaanong madali para sa kanila ang pagsulat.

Maraming dahilan kung bakit hindi naging madali ang pagsulat tulad ng kakulangan ng kaalaman sa gramatika, kawalan ng interes sa pagsulat at hindi nahasa ang kasanayang ito noong sila ay nasa elementarya.

Napagtibay ng pag-aaral na ito na sa resulta ng ginawang pag-aaral ay malaki ang kinahaharap na suliranin ng mga mag-aaral na kinakailangang bigyang-pansin ng mga guro upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral tungo sa mas maunlad na kasanayan sa pagsulat.

Batay sa mga natuklasan, iminumungkahi ang pagrebisita sa mga kasanayang dapat matutuhan ng mga mag-aaral sa pagsulat at ang pagbibigay-diin sa pagtuturo ng mga tuntunin sa kasanayang ito.

.

Mga Susing Salita: gawaing pasulat, intelektwalisadong pagsulat, pagpapaunlad ng pagtuturo

PANIMULA

Kaunlaran ang isa sa pangunahing mithiin ng bawat bansa upang makamit ang hangaring ang bawat mamamayan ay makapamuhay nang maayos. Ninanais nila na maging maunlad upang magkaroon nang masagana at magandang buhay ang bawat mamamayan. Kaya naman isinusulong ang iba't ibang programa sa iba't ibang ahensya ng pamahalaan ng bawat bansa upang matupad ang kanilang hangarin. Isa sa binibigyan ng malaking tuon ay ang ahensya ng edukasyon. Naniniwala ang karamihan na malaki ang naitutulong ng edukasyon upang maging matagumpay ang isang indibidwal.

Iba-iba ang mga pamamaraan ng bawat bansa upang makamit ang kaunlarang minimithi. Isa sa pinakamahalagang pamamaraan ay ang pagbibigay ng magandang edukasyon sa bawat mamamayan. Kaya naman bawat bansa ay pinaiigting ang mga programang pang-edukasyon dahil sa paniniwalang ito ang sagot sa kaunlarang inaasam. Na sa edukasyon nakasalalay ang pagkakaroon ng matagumpay na mamamayan na magpapaangat sa antas ng pamumuhay ng isang bansa.

Sa ginawang sarbey nina King at Smith (2006), tinukoy kung ano ang kahulugan ng edukasyon para sa mga mag-aaral na hindi pa nakapagtapos sa kolehiyo. Tatlo sa sampung kahulugan ng edukasyon para sa kanila ay (1) isang paraan upang makapag-isip tungkol sa direksyon na maaaring tahakin sa buhay upang makapagplano para sa kinabukasan, (2) isang pagkakataon upang malaman at maunawaan ang kanilang sarili nang mas mahusay, matuklasan ang kanilang mga hilig at umunlad bilang mga indibidwal, at (3) pagkakataon upang matuto ng mga kasanayan na magagamit upang makagawa ng pagkakaiba sa mundo. Sa pag-aaral na ito, makikita na malaki ang halaga ng edukasyon sa pag-unlad ng buhay ng isang mag-aaral o indibidwal, nangangahulugan lamang na ito ang paraan o susi upang magkaroon sila ng magandang buhay.

Sa pag-unlad ng edukasyon sa buong mundo, malaking patunay ang patuloy na pagbilis ng pag-unlad ng teknolohiya. Pinatutunayan ng mabilis na pagbabagong ito na patuloy ang tao sa pag-iisip upang umunlad at mapadali ang paraan ng pamumuhay. Ang pangyayaring ito ay bunga ng katalinuhan ng tao. Malaki ang ambag ng teknolohiya sa pag-unlad ng pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral. Pinabibilis ng teknolohiya ang paghahanap ng impormasyong kailangan.

Ang kompyuter at cellphone ay ilan lamang sa mga kagamitang naimbento ng tao upang mapadali ang mga gawain. Maliban sa napadadali ang pakikipagkomunikasyon ng tao at paglilibang gamit ang mga nasabing kagamitan higit na malaki ang naitutulong ng mga ito sa edukasyon. Mas napadali ang paghahanap ng impormasyon na magagawa sa isang pindot lamang at hindi na kailangan pang pumunta ng silid-aklatan upang hanapin ang aklat na kailangan.

Ayon kay Sadker na binanggit ni Carlos (2012), isa sa mga dahilan kung bakit ang mga guro ay gumagamit ng makabagong teknolohiya sa pagtuturo ay dahil ginagawa nitong moderno ang pagtuturo at napatataas nito ang kasanayan sa Matematika, Pagbasa at Pagsulat. Nagaganyak din ang mga mag-aaral sapagkat napupukaw ang interes nila kapag gumagamit ng teknolohiya ang guro. Ito ang dahilan kung bakit marami sa mga guro ang gumagamit ng teknolohiya gayundin pinapadali nito ang paraan ng paghahanda sa pagtuturo.

Dahil sa malaki ang ambag ng edukasyon sa pag-unlad ng isang indibidwal, may iba't ibang pamamaraan o programang ipinatutupad ang bawat bansa na nakapaloob sa mga dapat na matutuhan ng mga mag-aaral. Isa sa mga binibigyang-diin sa edukasyon ay ang kurikulum na gagamitin. Binigyang-kahulugan ni Sowell (2005) na ang kurikulum ay tumutukoy sa kung ano ang ituturo sa mga mag-aaral. Sa malawak na kahulugang ito ay kabilang ang mga inaasahan at di inaasahang impormasyon, kasanayan at saloobin na ipinahahayag sa mag-aaral, ito man ay sa paaralan o kung saan ang pagkatuto ay nagaganap.

Taong 2012, naging malaking isyu sa Pilipinas ang pagpapalit ng kurikulum. Sa pag-upo ni dating Pangulong Benigno "Noynoy" C. Aquion III ay ninais niyang baguhin ang sistema ng edukasyon. Mula sa BEC o *Basic Education Curriculum* na ginamit na kurikulum sa ilalim ni dating Presidente Gloria M. Arroyo ay nais ni Pangulong Aquino na gawing K to 12. Ang pagiging "globalisado" ng bansa ang pangunahing layunin ng pangulo. Naglalayong ihanda ng K to 12 ang mga bata sa "mundo ng pagtatrabaho."

Ipinatupad ng pamahalaan at ng Kagawaran ng Edukasyon ang programang ito upang tulungan ang mga kabataang Pilipino at pantayan ang sistema ng edukasyon hindi lamang sa Asya kung hindi sa buong mundo.

Sa kurikulum ng K to 12, ang karagdagang Baitang 11 at Baitang 12 ay nagnanais na ihanda ang mga mag-aaral pagkatapos ng high school, kung nais nilang magtrabaho at hindi agad magpatuloy ng kolehiyo, o upang maging handa sa mundo ng pagnenegosyo, o ang mas maging handa para sa kolehiyo mismo.

Ayon sa Kagawaran ng Edukasyon (2013), isa sa mga nakauring kasanayan sa K to 12 Basic Education Curriculum ay ang kakayahang komunikatibo. Ang kakayahang komunikatibo ay ang kakayahang mabuod ang mga pangunahing prinsipyong panggaramatika, gamit ng komunikasyon at pagbigkas batay sa prinsipyo ng diskurso.

Kasabay ng pagbabago ng kurikulum ay ang pagbabago rin sa mga kasanayang dapat matamo o matutuhan ng mga mag-aaral. Batay sa Pacific Policy Research Center (2015), may ilang paalala sa *21st century skills* na inaasahan sa bagong henerasyon ng mga mag-aaral. Apat na kategorya ito: 1) *Information, Media, and Technology Skills,* 2) *Learning and Innovation Skills*, 3) *Communication Skills*; at 4) *Life and Career Skills*. Malinaw na sa paalalang ito na ang mga kasanayang pangkomunikasyon ay hindi maaaring iwaksi sapagkat

ito ang tulay upang makipag-ugnayan sa iba't ibang larangan ng trabaho o iba't ibang panig ng mundo.

Nabanggit ding kinakailangang maging mahusay ang mga mag-aaral sa kasanayan sa *Information, Media and Technology*. Mahalaga ang teknolohiya sa kasalukuyang panahon lalo na sa pag-aaral. Ngunit sa kabilang banda ay nagiging balakid sa mga mag-aaral ang teknolohiya sapagkat nagkakaroon ng masamang epekto sa ibang kasanayang pangkomunikasyon partikular sa pagsulat. Sa paggamit ng *facebook, instagram, twitter* at iba pang *social media* naipahahayag ng bawat tao ang kanilang saloobin sa pamamagitan ng pagpo-*post* ng kanilang nararamdaman. Makikita na malaki ang pagkakaiba o ang pamamaraan kung paano isunusulat ang kanilang mga *post.* Hindi kailangang itama kung paano isulat ang kanilang saloobin sapagkat wala namang tuntunin na dapat sundin kung paano ito isusulat. Subalit ang ganitong pangyayari ay nakaaapekto nang malaki pagdating sa mga akademikong pagsulat ng mga mag-aaral.

Ayon kay Martinez (2009), sa kanyang pag-aaral na isinagawa ay kinakitaan ng *text lingo* at kamalian batay sa gramatika, pagbabaybay/ispeling at panbabantas ang mga pasulat na gawain ng mga mag-aaral. Dahil dito nagkakaroon ng suliranin ang mga guro sa mga gawaing pasulat ng mga mag-aaral.

Binanggit din ni Bognot, et.al. (2008), may mga pagbabago sa wika na nagaganap na hindi nakababuti. Isa na rito ang malawakang pagpapaikli ng mga salita na kung saan hindi isinasaalang-alang ang balarila, pagbabantas at pagbabaybay. Tunay na malaki ang pagbabago kung paano magsulat ang tao marahil dala na rin ng malaking pagbabago ng pamumuhay sa kasalukuyan.

Kasabay ng pangyayaring ito, malaki ang naging pagbabago ng kurikulum sa bawat asignatura kaya naman ang mga guro sa bansa ay nagkaroon ng malawakang pagsasanay. Kabilang sa asignaturang ito ay ang Filipino na kung saan ay kinakailangang matutuhan ng mga mag-aaral ang tungkol sa iba't ibang kasanayan. Nagkaroon ng pagbabago sa mga kasanayan sa Filipino, inayos ang mga ito upang mas lalong maging kapaki-pakinabang sa mga mag-aaral.

Upang mas lalong matugunan ang pangangailangan ng bagong kurikulum sa asignaturang Filipino ay nagkaroon ng pagsasanay ang mga guro tungkol sa kritikal na nilalaman ng kurikulum 7. Dito ay binusisi ang *curriculum guide* ng Filipino 7 upang mas makatugon sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral kung paano mas magiging mabisa ang pagtuturo sa mga kasanayang dapat nilang matamo.

Sa mga pagbabagong nangyari sa kurikulum, isa sa mga *domain* na binibigyang-pansin ay ang pagsulat kung saan ito rin ay nabibilang sa kasanayang pangkomunikasyon. Sa bawat aralin sa asignaturang Filipino ay may mga kasanayang dapat matamo ang mag-

aaral gaya ng pagsulat. Ang pagsulat ay mahalagang kasanayang pangkomunikasyon na dapat mahasa sa mga mag-aaral.

Ayon kay David (2015), ang akademikong pagsulat ay itinuturing na mahalaga sa mga paaralan. Ang mga mag-aaral partikular sa kolehiyo ay pinagagawan ng kanilang mga propesor ng iba't ibang mga gawain, lalo na ng pananaliksik at iba pang mga sulatin. Kaya naman, ang pangangailangan na malampasan ang wika at kahirapan sa pagsulat ay tumaas sa mga mag-aaral.

Ayon naman kay Quizon na binanggit ni Yumul (2005), ang pagsulat ay malaking bahagi ng pagtuturo at pagkatuto ng wika. Kaya naman kinakailangan ang mahusay at epektibong pagsasanay sa mga paaralan. Sa mga pagsasanay na ito dapat siguraduhing tama ang pagbaybay, mga bantas, estruktura ng talata, mga padron, bokabularyo at ang tamang pagsunod sa mga tuntunin sa pagsulat ng malaking titik.

Malaking tulong para sa mga guro ang Binagong Gabay sa Ortograpiya ng Wikang Filipino 2013 sa pagwawasto ng mga sulatin at awtput ng mga mag-aaral. Batay sa Komisyon sa Wikang Filipino (2013), "ang gabay sa ortograpiya ng wikang Filipino ay binubuo ng mga tuntunin kung paano sumulat gamit ang wikang Filipino. Hinango ang mga tuntunin sa mga umiiral na kalakaran sa paggamit ng Wikang Pambansa, bukod sa napagkasunduang mga tuntunin, bunga ng mga forum at konsultasyon, hinggil sa mga kontrobersiyal na usapin sa ispeling. Sadyang napakalawak ang mga tuntunin sa ortograpiya subalit sa pag-aaral na ito, sadyang itinuon ng mananaliksik ang mga tuntunin na may kinalaman sa palabantasan, palabaybayan at wastong gamit ng mga salita.

Ayon pa kay Bernales na binanggit ni Ayson (2015) "ang pagsulat ay isang komprehensibong kakayahan na naglalaman ng wastong gamit, talasalitaan, pagbubuo ng kaisipan, retorika at iba pang elemento. Komprehensibo ang pagsulat sapagkat bilang isang makrong kasanayang pangwika, inaasahang masusunod ng isang manunulat ang maraming tuntuning kaugnay nito. Kung gayon, maituturing ito bilang isang mataas na uri ng komunikasyon sapagkat esensyal dito ang napakaraming elemento at pangangailangan ng gramatika at bokabularyo. Binanggit din niya ang kahalagahan ng pagkakaroon ng kaalaman sa mga bantas at kanilang wastong gamit sapagkat nakatutulong ang mga ito sa pagkakaroon ng kalinawan, kaugnayan at kaisahan ang mga pasulat na pahayag."

Sa pagpapakahulugan na isinaad ni Bernales hindi madali ang pagsulat sapagkat marami ang kinakailangang isaalang-alang. Kinakailangang maituro nang wasto ang mga tuntunin sa pagsulat sa mga mag-aaral upang maging makabuluhan ang gagawing mga sulatin. Dahil hindi madali ang kasanayang ito, marami sa mga mag-aaral ang nawawalan ng interes sa mga gawaing pasulat.

Marami ring bilang ng mga mag-aaral ang nagpapakita ng pagkayamot, kawalan ng motibasyon sa pagsulat at kung minsan ay hirap na hirap pa sa pagbuo ng mga ideya. Ito ay

bunga ng maling konsepto at mahinang estratehiya sa pagtuturo ng pagsulat. Kadalasan, naaapektuhan ng mga kahinaang ito ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ayon kay Badayos (1999).

Binigyang-diin ni Tompkins (2003), ang pagsulat bilang isang proseso na hindi natatapos sa isang upuan kundi nahahati sa iba't ibang yugto. Itinuturing itong isa sa pinakakomplikadong kasanayang dapat matutuhan ng mga mag-aaral sapagkat habang nagsusulat, natututuhan din niya kung paano mag-eksperimento gamit ang wika. Dahil sa ganitong kalikasan ng pagsulat, kailangang iparanas sa mga mag-aaral ang prosesong pagdulog na binubuo ng sumusunod na mga yugto: pre-*writing; drafting; revising; editing* at *publishing*. Ang mga gurong gumagamit ng ganitong lapit ay nagbibigay sa mga mag-aaral ng dalawang mahahalagang suporta sa pagbuo ng isang sulatin - sapat na oras at *feedback*.

Kung ganito ang paraan upang maging makabuluhan ang mga gawaing sulatin ng mga mag-aaral sa kasalukuyan, natutugunan kaya ito ng bagong kurikulum? Mithiin pa naman ng bagong kurikulum na makalikha ng mag-aaral na taglay ang *21st century skills* tulad ng pagiging malikhain, matatas sa pakikipagkomunikasyon, may kakayahan sa kritikal na pang-unawa at nagagawang makipagtulungan o makisalamuha sa kapwa. Matutugunan kaya ang mithiing ito ng kurikulum lalo na kung paano makasusulat tungo sa intelektwalisadong pagsulat ang mga mag-aaaral?

Bingyang-kahulugan ni Santiago na binanggit ni Martinez (2009), na ang intelektwalisasyon ay isang proseso upang ang isang wika na hindi pa intelektwalisado ay maiangat at madala sa antas ng intelektwalisado upang magamit sa matataas na antas ng karunungan. Sa pag-aaral na ito ay ginamit ang intelektwalisadong pagsulat upang ilarawan ang minimithing kahusayan ng mga mag-aaral sa kasanayan sa pagsulat.

Kung gayon, kinakailangang paunlarin ang kasanayang ito tungo sa intelektwalisadong pagsulat. Ang intelektwalisadong pagsulat ay tumutukoy sa kakayahang makasulat gamit ang pinakamataas na antas ng karunungan. Ayon kay Sibayan (2015), ang mga bagong kaalaman at impormasyon mula sa mga pananaliksik at pag-aaral ay naiuulat sa pamamagitan ng intelektwalisadong wika. Kaya naman, kinakailangang nasusunod ng mga ganitong uri ng sulatin ang lahat ng tuntunin at dapat isaalang-alang sa pagsulat.

Subalit sa pag-aaral ni Martinez (2009), binanggit niya na "karamihan sa mga mag-aaral sa kasalukuyan ay hindi nakagagawa nang malalim na pagtalakay sa isang ideya o paksa. Nagiging suliranin ng mga guro ang kawalan ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbubuo at pag-oorganisa ng mga ideya sa isang paksa. Kaya naman, ang mga paksang nangangailangan ng mataas na antas at malalim na pagtalakay gaya ng mga sulating pananaliksik, ay pinaghihirapang gawin ng mga mag-aaral sa kasalukuyan."

Kaya naman ang mananaliksik ay nagkaroon ng interes sa pag-aaral na ito upang makita ang mga kamalian at suliranin ng mga mag-aaral pagdating sa mga gawaing pasulat

sa asignaturang Filipino. Ano nga ba ang dahilan ng lumalalang kahinaan ng mga mag-aaral pagdating sa mga gawaing pasulat? Handa na ba ang mga mag-aaral na makasulat nang may kahusayan sa nilalaman at tamang estruktura pagtuntong sa ikapitong baitang?

Batay sa bagong kurikulum, ang pagsulat ay isa sa walong *domain* sa asignaturang Filipino. Kabilang din sa walo ang pag-unawa sa napakinggan, pag-unawa sa binasa, paglinang ng talasalitaan, panonood, pagsasalita, wika at gramatika at estratehiya sa pag-aaral. Sa bawat aralin ay may kasanayan na dapat malinang sa bawat *domain* na nabanggit.

Sa pagsulat ay may mga kasanayan na kinakailangang maisakatuparan ang mga mag-aaral. Iba-ibang mga gawaing pasulat ang ginagawa ng mga mag-aaral tulad ng sanaysay, kuwento, tula, at iba pa. Susuriin ang mga gawaing pasulat batay sa paggamit ng mga bantas, wastong gamit ng salita, pagbabaybay ng mga salita at anyo ng sulatin.

Ang pag-aaral na ito ay maihahalintulad sa pag-aaral ni Martinez (2009). Ang pagkakaiba lamang ay sa pag-aaral ni Martinez ay sinuri at inilarawan ang kaugnayan o impluwensiya ng *text messaging* sa mga gawaing pang-akademikong pagsulat ng mga mag-aaral sa gramatika, pagbabaybay/ispeling at pagbabantas. Ang mga kalahok niya sa pag-aaral ay mga mag-aaral sa kolehiyo. Nagsagawa siya ng impormal na pag-iinterbyu sa mga mag-aaral na kinakitaan ng text lingo at nakagawa ng malubhang pagkakamali sa pagsulat. Kasama rin sa mga kalahok niya ang ilang piling guro na nagtuturo ng Filipino sa kolehiyo. Nagsagawa siya ng interbyu na nagbigay ng karagdagang impormasyon upang mabigyang linaw at diin ang suliranin ng pag-aaral. Samantala, ang pag-aaral na ito ay sinuri ang mga gawaing pasulat ng mga mag-aaral batay sa paggamit ng mga bantas, wastong gamit ng salita, pagbabaybay ng mga salita at anyo ng sulatin. Ang mga kalahok ay mga mag-aaral sa hayskul partikular sa Baitang 7. Gumamit ng talatanungan sa pag-aaral na ito na pinapasagot sa mga mag-aaral upang makakuha ng mga impormasyon hinggil sa mga suliraning nararanasan nila sa pagsulat.

Inaasahan na sa pagtatapos ng pag-aaral na ito ay makapag-ambag ang mga naging resulta tungo sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsulat. Maaaring matukoy ang mga dahilan kung bakit ang mga gawaing sulatin ng mga mag-aaral sa kasalukuyang henerasyon ay lalong lumalala sa kabila ng mas maunlad na pamamaraan ng pamumuhay.

Ang kahalagahan ng pag-aaral na ito ay makapagbigay ng mungkahi sa mga guro kung paano matuturuan ang mga mag-aaral na makasulat ng isang intelektwalisadong sulatin. Para naman sa mga tagagawa ng kurikulum ay mabigyang-pansin ang lumalalang kahinaan ng mga mag-aaral sa kasanayan sa pagsulat. Sapat na ba ang mga kaalaman ng mga mag-aaral sa mga tuntunin sa pagsulat na nakapaloob sa mga kasanayang dapat matutuhan sa elementarya?

Ang mga sumusunod ay ang mga tiyak na layunin na isasagawa sa pag-aaral: 1) Nasusuri ang mga gawaing pasulat ng mga mag-aaral sa Baitang 7 alinsunod sa Binagong

Gabay sa Ortograpiya ng Wikang Filipino at 2) Natutukoy ang mga dahilan ng kahinaan ng mga mag-aaral sa mga gawaing pasulat.

PAMAMARAAN

Ang isinagawang pag-aaral ay isang *Qualitative Reasearch*. Ayon kina Ritchie at Lewis na binanggit ni Rivera (2011) ang *Qualitative Reasearch* ay nagbibigay ng malalim at interpretatibong pang-unawa sa mundo ng mga kalahok sa pamamagitan ng pag-aaral tungkol sa kanilang kalagayang panlipunan, karanasan, pananaw at kasaysayan. Ayon naman kay Wisker (2001), ginagamit ang *Qualitative Research* kapag nais maunawaan ang kahulugan, tingnan, ilarawan at unawain ang karanasan, ideya, paniniwala at kahalagahan ng mga bagay na mahirap unawain.

Ginamit ang tiyak na pamamaraang pagsusuring pangnilalaman sa pag-aaral na ito. Ayon kay Cole na binanggit nina Elo at Kingas (2007), ito ay pamamaraang ginagamit sa pag-aanalisa ng mensaheng dala ng pasulat, pasalita o biswal na komunikasyon. Idinagdag din nina Elo at Kingas (2007) ang sinabi ni Krippendorff na ito ay sistematiko at obhektibong pamamaraan upang ilarawan at tukuyin ang isang penomena.

Sa pag-aaral na ito ay sinuri ang mga gawaing pasulat ng mga mag-aaral sa Baitang 7 alinsunod sa Binagong Gabay sa Ortograpiya ng Wikang Filipino. Ang mga gawaing pasulat sa ikalawa at ikatlong markahan ang mga sinuring sulatin tulad ng sanaysay at kuwento. Ang mga piniling sulatin ay mga sulating nasa anyong patalata gaya ng sanaysay at kuwento.

Ang mga sulatin ng mga mag-aaral sa Baitang 7 mula sa tatlong pangkat ng *Special Science Class* at dalawang pangkat mula sa *Regular Class* ng Pampanga *High School* ang sinuri ng mananaliksik. Binubuo ng 171 mag-aaral ang kabuuang bilang ng mga kalahok sa pag-aaral na ito.

Ang mga gawaing pasulat ay sinuri sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga kamalian ng mga mag-aaral na nakita sa mga sulatin. Hinimay ang mga resulta ng mga sulatin ng mga mag-aaral pagkatapos basahin ang mga ito. Pinangkat ang mga nakitang kamalian batay sa paggamit ng mga bantas, wastong gamit ng salita, pagbabaybay ng mga salita at anyo ng sulatin.

Ginamit na batayan ang sa ginawang pagsusuri ang Binagong Gabay ng Ortograpiya ng Wikang Filipino ng Komisyon sa Wikang Filipino, Edisyong 2013. Ayon kay Almario (2013), “ang gabay sa ortograpiya ng wikang Filipino ay binubuo ng mga tuntunin kung paano sumulat gamit ang wikang Filipino. Hinango ang mga tuntunin sa mga umiiral na kalakaran sa paggamit ng Wikang Pambansa, bukod sa napagkasunduang mga tuntunin, bunga ng mga *forum* at konsultasyon, hinggil sa mga kontrobersiyal na usapin sa ispeling.”

Naging batayan din ang aklat ni Bernales (2009) na Retorika: Ang Sining ng Pagpapahayag na ginamit sa pagsusuri sa wastong gamit ng mga salita.

Ang pag-aaral ay gumamit din ng talatanungan na ayon kay Silverman (2000) ay paraang ginagamit upang tuwirang mangalap ng impormasyon sa pamamagitan ng pagtatanong na magagamit sa pag-aanalisa ng mga datos. Ginamit ito upang matukoy ang mga suliranin ng mga mag-aaral sa pagsasagawa ng mga sulatin nila kaya naman bumuo ng talatanungan ang mananaliksik sa ipasasagot sa mga mag-aaral. Ang talatanungan ay binubuo ng tatlong tanong. Ang unang tanong ay tungkol sa kakayahan nila sa pagsulat kung ito ba ay madali para sa kanila o hindi. Ang ikalawang tanong naman ay may kinalaman sa mga problemang nararanasan ng mga mag-aaral sa kanilang pagsulat. At ang panghuling tanong ay kung ano-ano ang tulong na nais ibigay sa kanila mula sa mga guro.

Upang matiyak ng mananaliksik na wasto ang mga binuong tanong ay pinabalido ang mga ito sa tatlong eksperto. Sa kanilang kakayahan at kaalaman sa paksa ng pag-aaral na ito ay naayos ang mga tanong na sasagutin ng mga kalahok. Ang mga na ginamit ay makikita sa Apendise C.

Gumawa rin ng liham ang mananaliksik para sa mga magulang hinggil sa talatanungang sasagutin ng mga mag-aaral. Sa liham ay humihingi ng pahintulot ang mananaliksik na payagan ang kanilang anak na maging kalahok sa nasabing pag-aaral. Nakasaad sa liham na ang pagpayag o hindi pagpayag ay hindi makaaapekto sa marka sa asignaturang Filipino. Gayundin, ang kanilang mga sagot ay mananatiling lihim. Ang mga mag-aaral na pumayag ang mga magulang na maging kalahok sa pag-aaral ay ang binigyan lamang ng oras upang sagutin ang talatanungan.

Pagkatapos sagutin ang talatanungan ay pinagsama-sama ang mga magkakatulad na sagot. Ikinategorya ang mga sagot ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagko-*coding* upang mas maging madali ang pag-*interpret* sa kanilang sagot. Kaakibat nito ay ang mga paliwanag ng mga mag-aaral sa kanilang naging sagot. Isinaalang-alang ng mananaliksik ang mga sagot ng mga mag-aaral upang mas matugunan ang kanilang mga pangangailangan sa pagsulat.

Nagbigay naman ang mananaliksik ng mga rekomendasyon na maaaring makatulong upang mapaunlad ang pagtuturo tungo sa intelektwalisadong pagsulat. Ang mga rekomendasyon ay batay sa mga pag-aaral ng ibang mananaliksik na may kinalaman sa mabisang pagkatuto at pagtuturo ng pagsulat.

MGA NATUKLASAN

Kamalian sa Paggamit ng mga Bantas

Sa pagsusuri sa mga gawaing pasulat ng mga mag-aaral ay kinakitaan ng kamalian sa paggamit ng bantas tulad ng tuldok, kudlit at gitling.

Ang tuldok ay isa sa mga mahalagang bantas na ginagamit sa mga sulatin. Ang mga pangungusap ay karaniwang nagtatapos sa tuldok. Batay sa ginawang pagsusuri sa mga sulatin, may ilang mag-aaral na hindi naglalagay ng tuldok sa hulian ng pangungusap.

May mga salita naman na kinakailangang lagyan ng gitling ngunit hindi nilagyan kagaya ng *nagisip, maguuwi, may ari, bagay bagay, mag isa, pinaguusapan, kadudaduda, naguwi, nagaalangan, nageespiya.*

Nakita rin na may mga salita naman na hindi dapat lagyan ng gitling subalit nilagyan ng gitling. Ang mga salitang ito ay *nagtu-tulungan, paru-paro't, alitap-tap, pag-baba, pag-subok, tag-gutom, pang-kain, pag-sapit, naka-pasok, maka-akit, ning-ning.*

Sa pagsulat ng talata ay may palugit na sinusunod sa magkabilang gilid kaya naman kapag ang salita ay hindi na kasya ay kinakailangan itong hatiin. May mga mag-aaral na hindi tama ang pagkakahati ng salita at hindi rin tama ang pagkakalagay ng gitling. Makikita sa larawan sa ibaba ang halimbawa.

May mga salita rin na hindi nilagyan ng kudlit nang paikliin ang mga ito. Ang mga salitang ito ay *nyang, sya, satin, sayo, yung, at yun*.

Ang mga gawaing pasulat ng mga mag-aaral ay kinakitaan ng kamalian sa wastong gamit ng mga salita. Ilan sa mga salitang ito ay ang paggamit ng *ng at nang, rin at din, rito at dito, sundin at sundan at pinto at pintuan.*

Maling Pagbabaybay sa mga Salita

May mga salitang mali ang pagkakabaybay sa mga sulatin ng mga mag-aaral tulad ng kaylangan, kasaganahan, kapayapan, binabangit, marameng, naten, pankat, hinde, maari, kapanyarihan, anung, sabe, ren at kameng.

Sa pagsulat ay may mga tuntuning sinusunod kung paano isusulat ang mga sulatin. Batay sa ginawang pagsusuri may mga tuntuning hindi nasusunod ng mga mag-aaral. Ilan sa mga ito ay ang paglalagay ng palugit sa magkabilang gilid, pag-*indent* ng unang salita sa talata, pagkakasulat ng pamagat at ang pagkakaroon ng bura sa mga sulatin. Bilang patunay, makikita ang halimbawa ng sulatin sa ibaba.

Inilahad din ang mga resulta ng sagot ng mga mag-aaral sa talatanungan hinggil sa dahilan ng kanilang kahinaan sa pagsulat, suliraning nararanasan sa pagsulat at mga tulong na nais ibigay ng mga guro.

Kakayahan ng mga Mag-aaral sa Pagsulat

Karamihan sa mga mag-aaral ang nagsabi na medyo mahirap para sa kanila ang mga gawaing pasulat sa asignaturang Filipino. Binanggit nila ang mga dahilan kung bakit nahihirapan sila at ang nangungunang dahilan nila ay hindi sanay sa pagsulat dahil hindi sapat ang kaalaman sa gramatika sa Filipino at sa malikhaing pagsulat.

Ang paksa ay isa sa mga dahilan kung bakit medyo nahihirapan sila sa pagsulat sapagkat hindi sapat ang kanilang kaalaman sa paksang isusulat. Nakararanas din sila ng kalituhan sa panuto kaya't hindi nakasusunod sa mga pamantayang dapat gawin.

Nahihirapan din nilang simulan at wakasan ang mga sulatin.May mga pagkakataon namang kailangan nila ng sapat na oras upang makapag-isip nang mabuti o maayos sa nilalaman ng sulatin ngunit kung minsan ay maraming ibang gawain ang mga mag-aaral.

Hirap din sila sa pagbabalangkas ng mga pangungusap at sa paggamit ng mga matatalinghagang salita. Hindi rin hilig ng mga mag-aaral ang pagsulat kaya't lubha silang nahihirapan na nagreresulta sa mababang marka o grado na kanilang nakukuha.

Hindi rin nahasa ang mga mag-aaral sa pagsulat noong sila ay nasa elementarya.Hirap din sila sa paggamit wastong mga salita. Samantala, may nagsabing naging madali ang pagsasagawa ng mga gawaing pasulat. Ang dahilan nila ay pinaliliwanag naman nang maayos ng guro ang dapat gawin bago ang pagsulat.

Gayundin, itinuturo at ginagabayan naman ng guro ang mga mag-aaral. May nagsabi rin na may karanasan na sila sa pagsulat kaya't madali na lamang para sa kanila ang sumulat.

Mga Suliraning Nararanasan sa Pagsulat

Ang mga mag-aaral ay nagsabing may suliranin silang nararanasan sa pagsasagawa ng mga gawaing pasulat. Isa sa mga suliranin nila ay nahihirapan sila sa paksa kaya't hindi sila makabuo o hirap silang bumuo ng sulatin dahil wala ring ideya kung ano ang kanilang isusulat.

Kamalian sa gramatika ang nakikita ring problema ng mga mag-aaral. Kabilang din sa mga suliranin nila ay kulang ang kaalaman sa wastong gamit ng mga salita sa Filipino, paggamit ng matatalinghagang salita at hindi alam ang katumbas o saling salita sa Filipino.

Ayon din sa resulta, nahihirapan silang sundin ang mga tuntunin sa pagsulat gaya ng pag-*indent*, paglalagay ng margin, dugtong-dugtong na pagsulat at paggamit ng mga bantas.

Mapapansin sa sagot ng mga mag-aaral sa unang tanong ng dahilan ng mga mag-aaral kung bakit nakararanas sila ng kahirapan sa mga gawaing pasulat at mga suliraning kanilang nararanasan ay halos magkapareho lamang.

Mga Tulong na Nais Ibigay mula sa mga Guro

Ayon naman sa mga mag-aaral, binanggit nila ang mga tulong na nais ibigay sa kanila ng mga guro upang maging mabisa ang mga gawaing pasulat na gagawin sa susunod. Ang pagpapaliwanag nang mabuti ang nangungunang tulong nais ibigay mula sa mga guro. Sa ganitong paraan ay nagkakaroon ng ideya ang mga mag-aaral at mas mauunawaan nila kung ano ang kanilang gagawin.

Nais din nila na magbigay ng mga pagsasanay at maraming halimbawa upang magkaroon ng gabay. Kung pasusulatin sila, nais nila ng mas mahabang oras o panahon upang mapag-isipang mabuti kung ano ang isusulat.

Sa kanilang pagsusulat nais din nilang gabayan sila upang maitama kaagad ang kanilang kamalian. Ituro rin ang mga tuntunin sa pagsulat ng talata.

TALAKAYAN

Bahagi ng buhay ng tao ang pagsulat dahil ito ay isa mga dapat niyang matutuhan mula sa unang pagpasok niya sa paaralan. Batay sa artikulo ni Iftanti (2016), pinaniniwalaan na ang pagsulat ay mahalaga at madalas gamitin sa pang-araw-araw na pamumuhay tulad ng pagsulat ng liham, pagpapadala ng mensahe at maging ang pagbabahagi ng mga resulta sa mga pag-aaral. Itinuturo rin ang pagsulat sa mga paaralan kung saan isinasaalang-alang ang kakayahan at kahusayan sa kasanayan sa pagsulat.

Ayon kay Atanacio, et. al (2016), ang pagsulat para sa karamihan ay isang malaking hamon. Hamon, sapagkat marami ang kinakailangang isaalang-alang bago matuto sa pagsulat ang isang indibidwal mula sa pagkatuto kung paano isusulat ang mga titik hanggang sa unti-unting pagbuo ng pangungusap at talata. Ito ay isang kasanayang kailangan niyang mahasa mula elementarya hanggang kolehiyo sapagkat ito ay magagamit sa lahat ng larangan ng trabaho. Sa ginawang pag-aaral ni Paligat (2016), binanggit niya na ang pagsulat ay kailangan sa lahat ng uri propesyon at trabaho sapagkat ang pakikipagkomunikasyon ay mahalagang sangkap sa pagkamit ng anumang mithiin.

Patuloy na natututo ang tao at isa sa mga patuloy niyang natututuhan at pinauunlad ay ang kasanayan niya sa pagsulat. Subalit kadalasan ayon kay Paligat (2016), ang mga mag-aaral ay napipilitan lamang magsulat upang makamit at matugunan ang

pangangailangang mabigyan ng marka o grado. Kung ganito ang nasa isipan ng mga mag-aaral hindi malayong makabuo sila ng mga sulatin na hindi naaayon sa mga tuntuning dapat isaalang-alang sa pagsulat. Sapagkat kahit papaano ay magsusulat lamang sila upang matugunan ang pangangailangan sa asignatura nila bilang isang kahingian.

Isa pa sa binanggit ni Atanacio, et. al (2016) ang pagsulat ay nangangailangan din ng tiyaga. Ito ay walang katapusan at paulit-ulit na proseso sa layuning makalikha ng sulatin. Ibig sabihin nito'y kinakailangan nang sapat na oras upang makabuo ng sulatin. Ayon kina E. B. White at William Strunk sa kanilang aklat na *The Elements of Style* binanggit ni Atanacio (2016), "ang pagsusulat ay matrabaho at mabagal na proseso dahil sa ugnayan at koneksyon ng pag-iisip. Mas mabilis ang paglalakbay ng isip kaysa pagsulat."

Ayon naman kina Harris, Graham, at Mason na binanggit ni Linco (2013), ang pagsulat ay masalimuot na proseso sapagkat hindi lamang nito isinasaalang-alang ang mga tuntunin sa pagsulat sa halip kinakailangang bigyang-pansin ang mahahalagang aspeto tulad ng organisasyon, anyo, layunin, pangangailangan ng mga mambabasa at ebalwasyon.

Sa artikulo ni Earp (2017), binanggit niya ang sinabi ng mga akademiko mula sa dalawang unibersidad ng Australia na gumalugad sa kahalagahan ng tatlong kombensyon ng wika – ang pagbabaybay, gramatika at mga bantas na kaugnay sa pangunahing tagumpay sa pagsulat ng komposisyon. Pinaalalahanan din ang mga guro na gawing balanse ang pagtuturo ng pagbabaybay, gramatika at mga bantas at ibang aspeto sa pagsulat ng komposisyon gaya ng estruktura ng teksto, bokabularyo at sulat-kamay.

Batay sa mga binanggit ng mga manunulat, ang pagsulat ay isang gawaing dumadaan sa mahabang proseso. Marahil ito ang dahilan kung bakit ang mga mag-aaral ngayon ay nakararanas ng mga kamalian at suliranin sa pagsulat. Sa ginawang pagsusuri ng mananaliksik ay kinakitaan ng kahinaan ang mga mag-aaral sa mga gawaing pasulat sa paaralan. Pinatutunayan nito na sa pagsulat ay maraming dapat isaalang-alang upang ganap na matugunan ang mga kasanayang nakapaloob sa kurikulum.

Batay sa resulta ng ginawang pagsusuri ang mga sumusunod ay naging kamalian ng mga sulatin ng mga mag-aaral: paggamit ng mga bantas, wastong gamit ng salita pagbabaybay ng mga salita at anyo ng sulatin.

Kinakitaan ang mga gawaing pasulat ng mga mag-aaral ng maling paggamit ng bantas. Ayon kay Buensuceso na binanggit ni Alegado, et.al, (2015) "ang bantas ay palatandaang ginagamit na sagisag sa nais na sabihin at hindi na kailangang salitain pa nang mahaba. Sagisag ito upang ang diwa sa pahayag ay nauunawaan ng sumulat at ng bumabasa upang hindi magpabago-bago." Ayon pa sa kanya, "ang mga bantas o *punctuation* ay mga simbolo na nagpapakita ng kayarian at kaayusan ng nakasulat na wika pati na ang intonasyon at paghintong sandali na gagawin kapag nagbabasa nang malakas. Ang bantas ay mahalaga upang maging malinaw ang kahulugan ng mga pangungusap."

Ayon pa kay Tomangan, Jr. et.al na binanggit ni Alegado, et. al, (2015) “mahalaga sa pagsulat ang kaalaman sa paggamit ng mga bantas. Dahil sa maling gamit ng bantas o hindi paggamit ng kailangang bantas, nag-iiba ang diwa ng pahayag.”

Ang tuldok (.) ay bantas ginagamit na pananda sa katapusan ng pangungusap na paturol o pasalaysay at pautos. Makikita sa sulatin ng mag-aaral na sa huling pangungusap ng bawat talata ay hindi siya naglalagay ng tuldok. Kung susuriin ang kanyang sulatin maaaring hindi pa natatapos ang kanyang talata sapagkat wala siyang inilagay na bantas sa katapusan nito. Maaaring ang mag-aaral ay hindi naging maingat sa kanyang pagsulat kaya’t ito’y hindi niya nailagay. Ang ganitong kamalian ay ilang beses nakita sa mga sulatin ng mga mag-aaral. Ang iba namang sulatin ay masyadong mahaba ang pangungusap o nagtuloy-tuloy ang pagpapahayag dahil hindi na nakagamit ng tuldok. Ang resulta ay hindi naging malinaw ang nais ipahayag na kaisipan.

Ayon sa Binagong Gabay sa Ortograpiya ng Wikang Filipino (2013), “sa mga bantas, isa sa maraming gamit ang gitling (-). Dahil dito, marami rin ang nalilito at nagagamit ang gitling sa mga pagkakataóng hindi ito kailangan.” Kagaya ng nasuri sa mga gawaing pasulat ng mga mag-aaral, isa pa sa mga bantas na hindi nagamit ng tama ay ang gitling (-). Iba-iba ang pamamaraan kung paano ginagamit ang gitling. Isa sa gamit nito ay sa pag-uulit ng salitang-ugat o mahigit sa isang pantig ng salitang-ugat. Ang larawan sa ibaba ay nagpapakita na hindi ginamitan ng gitling ang salitang bagay bagay. Dahil ang bagay ay isang salitang-ugat at ito’y inulit-ulit kaya’t dapat na ginamitan ng gitling.

May mga pagkakataon naman na dahil hindi nilalagyan ng gitling ang mga inuulit na salita ay naisusulat ang mga ito na magkadugtong o di kaya naman ay nagkakaroon ng puwang sa pagitan ng sana ay gitling ang inilalagay.

Isa pa sa halimbawa na kinakitaan ng maling paggamit ng gitling ay ang halimbawa ng larawan sa ibaba. Ang salitang ningning ay hindi kinakailangang gitlingan sapagkat ito ay payak na salita. Wala ring salitang-ugat na *ning* na nagtataglay ng kahulugan kaya’t hindi maituturing na salitang-ugat.

Ang mga sumusunod ay ilan pa sa mga halimbawa ng mga salitang hindi dapat nilagyan ng gitling. Ang mga salitang ito ay inunlapian at mapapansing ginamitan ng gitling ngunit hindi naman kailangan sapagkat ang mga salitang-ugat ay hindi naman nagsisimula sa patinig.

Isa pa sa gamit ng gitling ay kapag ang unlapi ay nagtatapos sa katinig at ang salitang nilalapian ay nagsisimula sa patinig na kapag hindi ginitlingan ay magkakaroon ng ibang kahulugan. Ang salitang magisa na ginamit ng mag-aaral sa kanyang sulatin ay hindi ginamitan ng gitling. Kaya kung uunawain ang pahayag na *“Una, siya ay nasanay mamuhay na magisa.”* ay nagbago ang diwa ng pahayag. Ang ibig sabihin marahil ng mag-aaral ay

mag-isa na nangangahulugang kakayahang tumayo sa sariling paa at ang magisa ay may konotatibong kahulugan na napahiya ng harap-harapan.

Ginagamit din ang gitling sa paghahati ng salita sa dulo ng linya. Sa paggamit ng gitling sa paghahati ng salita kinakailangang wasto ang paraan ng paghati nito. Subalit sa ilang sulatin ng mga mag-aaral ay mali na ang paghati ng salita at mali rin ang paglalagay ng gitling. Makikita sa halimbawa sa ibaba na hindi tama ang paghati sa salitang masunuring. Maaaring ang panlaping ma- ang hiniwalay at nilagyan ng gitling gayundin hindi na kailangang lagyan pa ng gitling ang susunod na linya.

Ang kudlit ay ginagamit na panghalili sa isang titik na kinaltas. Sa ibabang halimbawa makikita na ang ilang salitang kinaltas ay hindi ginamitan ng kudlit tulad ng " nya" na dapat ay "n'ya" gayundin ang "sya" na dapat ay "s'ya" at ang "sayo" na dapat ay "sa'yo". Hindi nabibigyang-pansin ng mga mag-aaral ang ganitong uri ng suliranin sa pagsulat partikular sa paggamit ng kudlit. Ito ay may malaking impluwensya ng *text messaging* sapagkat sa *text* ay maaaring paikliin ang mga salita at hindi na gumagamit ng anumang bantas.

Sa mga nakitang kamalian sa paggamit ng mga bantas ay maaaring epekto ng *social media*. Binanggit ni Alegado, et.al (2015), na makikita sa mga *post, comment, status, tweeter* at *shout out* sa *social media* ang makabagong pamamaraan ng mga netizen sa pagbabantas na nakaapekto sa mga nakababasa nito. Nakaliligtaan na ang wastong gamit ng mga bantas dahil sa nababasa ng mga tao tulad ng mga nabanggit. Dahil dito, malaki ang nagiging epekto ng *social media* sa pagsulat ng mga mag-aaral katulad ng impluwensya ng maling pagbabantas.

Nakitaan din ng kahinaan sa wastong gamit ng mga salita ang mga mag-aaral sa kanilang mga sulatin. Ayon kay Cortez, et.al., (2016), ang kawastuhan ng paggamit ng mga salita ay mahalaga upang maging kaakit-akit ang pahayag. Kapag wasto ang ginamit na salita, magbibigay ito ng kaayusan, kalinawan, at kabisaan sa ipinapahayag. Tinukoy rin niya ang binanggit ni Abangan na "ang wastong paggamit ng mga salita ay siyang tulay sa isang masining na pagpapahayag."

Ayon pa kay Bernales, et.al. (2009), "kailangang taglayin ng mga pahayag ang kawastuhang panggramatika. May mga salita kasi na ginagamit na ang akala natin ay maaaring malayang nagkakapalitan, ngunit hindi naman kung ibabatay natin sa istriktong tuntuning panggaramatika." Gayundin ang sabi ni Tumangan Sr., et.al. (1997), na "may mga salita tayong sa tingin ay maaaring magkapalitan. Gayunman, kapag sinuring mabuti ay mauunawaang may pagkakaiba ng gamit ang mga ito at hindi dapat na pagpalitan ng gamit sa pangungusap."

Batay kay Lartec na binanggit ni Cortez (2016), "may mga salitang magkasing-anyo subalit may iba, tiyak at angkop na gamit ang mga ito." Maraming mga salita sa Filipino na akala natin kapag ginamit ang mga ito ay tama. Tulad ng salitang ginamit sa sulatin ng mag-

aaral, sa pahayag ay *"pagbukas niya ng pintuan ay …"* ang salitang pintuan ay hindi ang wastong salita ang dapat na ginamit. Sapagkat ang pintuan ay nangangahulugang kinatatayuan ng pinto. Ang angkop na salita na dapat ginamit ay pinto na tumutukoy sa bahagi ng bahay na binubuksan at sinasara.

Pinatunayan din ng halimbawa na hindi nila nagagamit ng tama ang rin at din. Ang rin ay ginagamit kapag ang sinundang salita ay nagtatapos sa mga patinig kasama na ang mga malapatinig na titik *w* at *y*. Samantala, ang din ay ginagamit naman kung sa katinig nagtatapos ang sinundang salita.

Mahalaga na tama at angkop ang paggamit ng mga salita sa pakikipagkomunikasyon. Kailangang maging maingat sa pagpili ng mga salitang gagamitin sapagkat kung hindi tama o angkop ang piniling salita ay maaaring makaapekto ito sa kahulugan ng nais ipahayag.

Kinakitaan din ang mga gawaing pasulat ng mga mag-aaral ng kahinaan sa pagbabaybay ng mga salita. Binanggit ni Dizon, et.al., (2015) na "ang pagkatuto sa pagbabaybay ay mahalaga at kailangan sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsulat ng mag-aaral at kasanayan sa pagsasalita. Ang kahusayan sa pagbabaybay ay ang kakayahan na magamit ang mga titik ng bawat tunog at kung paanong ang tunog ay maisatitik." Ang wastong pagbabaybay sa mga salita ay nakatutulong upang maging malinaw ang nais iparating o ipahayag sa mga magbabasa. Maraming salita sa Filipino na kapag isinulat ay magkatulad ang baybay subalit magkaiba ang kahulugan kapag ito ay binigkas. Kaya't dapat lamang na maging maingat sa pagbabaybay ng mga salita.

Makikita sa halimbawa ng sulatin ng mag-aaral na sa sa halip na "maaaring" ang isulat ay "maaring" ang pagkakababaybay. Kulang ng isang titik "a" ang nasabing salita. Gayundin may mga pagkakataon na ang pinagpapalit ang titik "i" sa titik "e" kagaya ng "marameng" na dapat ay "maraming"; "baket" na dapat ay "bakit"; "naten" na dapat ay "natin"; "hinde" sa halip ay "hindi."

Maaaring nagkakaroon ng ganitong suliranin ang mga mag-aaral sa pagbabaybay ng mga salita dahil sa mga paraan kung paano nila ito binibigkas. Kapag mali ang bigkas ng isang salita at kapag ito'y isinulat malaki rin ang posibilidad na mali ang baybay nito. Ayon sa Binagong Gabay sa Ortograpiya ng Wikang Filipino (2013), sa pangkalahatan, natutupad pa rin ang payak na tuntuning "Kung ano ang bigkas, siyáng sulat" sa pagbaybay na pasulat. Gayundin, hindi na gaanong nabibigyang-pansin ng mga mag-aaral kung paano ang tamang pagbabaybay ng mga salita sapagkat sa makabagong teknolohiya ay kaagad na naitatama ang mali sa pagbabaybay. Kung nais siguraduhin ang baybay ng isang salita ay madali itong magawan ng paraan sa tulong ng makabagong teknolohiya partikular ang *cellphone* at *internet*. Nakasanayan din ng mga mag-aaral ang paggamit ng mga *shortcut* na salita kaya minsan ay nakakalimutan na nila ang wastong gramatika at pagbabaybay ng mga salita ayon sa artikulo ni Zarate na binanggit ni Sunga III, et.al (2015).

Ayon sa mungkahi ni Wallace na binanggit ni Alvarado (2015), kailangang tandaan ng mga guro na ang pagbabaybay ay isang mahalagang bahagi ng pag-unlad o pagkatuto ng pagbasa at pagsulat. Kaya marapat lamang na ang mga guro ay bigyang-pansin ang pagtuturo ng pagbabaybay ng mga salita upang maiwasan ang kamalian at maging malinaw ang pahayag kapag ito ay isinulat.

Isa pa sa naging kahinaan ng mga mag-aaral sa kanilang pagsulat ay ang anyo ng kanilang sulatin. Isa naman sa unang itinuturo sa mag-aaral sa pagsulat ay kung paano ang magiging anyo ng sulatin. Ayon kay Yumul (2005) na iminungkahi ni Walters, kinakailangang ang mag-aaral sa elementarya ay matutuhan muna ang mga pangunahing hakbang o padron sa pagsulat. Pagkatapos nilang matutuhan at maisagawa ang kanilang unang natututuhan maaari na silang dumako sa susunod na proseso ng pagkatuto ng pagsulat. Binibigyang-pansin ang kalinisan ng gawa kung saan hindi dapat kakikitaan ng anumang mali o bura ang sulatin. Itinuturo rin ang tamang pagsulat ng pamagat kung saan ang mga mahahalagang salita ay dapat nagsisimula sa malaking titik. Gayundin, ang paglalagay ng palugit o “margin” na dapat ay makapal ang sa kaliwa at manipis naman sa kanan. Makikita na sa ibaba ang halimbawa kung saan hindi sinunod ng mag-aaral ang mga pangunahing tuntunin sa pagsulat. Ang ganitong suliranin na kinahaharap ng mga mag-aaral ay maaaring dahil sa kawalan ng interes ng mag-aaral sa pagsulat at napipilitan lamang gawin upang makapagpasa sa guro nang sa gayon ay makuha ng marka o grado na hindi na naghahangad nang mataas na marka. Lumilitaw kung gayon na isa lamang itong kahingian na kailangang maisagawa sa kanilang asignatura.

May nagtatanong na mag-aaral sa tuwing pagagawan ng sulatin kung maaaring ito ay itayp at i-*print* na lamang. Kung tutuusin ay maaaring ganito na lamang ang kalabasan ng mga awtput ng mga mag-aaral upang maiwasan nga naman na magkamali at magbura. Mabilis na mabubura ng kompyuter ang pagkakamali kapag ito nai-tayp hindi tulad kapag ito ay isinulat sa papel. Kung marami-rami na ang naisulat at nagkamali ka ay uulitin na naman lahat ang isinulat. Subalit sa mga sulatin ng mga mag-aaral sa mataas na paaralan ay hindi ito iminumungkahi sapagkat una, hindi lahat ng mag-aaral ay may kagamitang gagamitin tulad ng kompyuter at printer. Ikalawa, batay sa karanasan ng mananaliksik may ibang mag-aaral na kumukuha lamang ng impormasyon sa kanilang sulatin sa internet dahil hindi nga naman nila kailangang mag-isip pa. At panghuli, hindi naman iminumungkahi ng kurikulum ang paggamit ng kompyuter sa mga gawaing pasulat.

Isa sa dapat ding pagtuunan ng pansin sa pagtuturo ng kasanayan sa pagsulat ay ang malinang nang maayos ang sulat-kamay ng mga mag-aaral. Tulad ng binanggit, hindi lingid sa karamihan na malaki ang tulong sa pagkaka-imbento sa kompyuter kung saan nagagamit ito sa mas mabilis na paraan upang makapaghatid ng mensahe. Subalit hindi pa rin maaaring balewalain ang pagkakaroon ng kaalaman sa maayos at magandang sulat-kamay.

Sa artikulo ni Tornio (2015), binanggit niyang napatunayan sa pag-aaral na may positibong naidudulot ang pagkakaroon ng magandang sulat-kamay at pag-angat ng akademikong kasanayan sa pagbasa at pagsulat. Ang katatasan ng pagkakaroon ng magandang sulat-kamay ay malaki ang relasyon sa kalidad at kantidad ng kabuuang isinusulat ng mag-aaraal. Maaaring maging balakid para sa mag-aaral ang kanyang sulat-kamay kung hindi niya nakikita ang kahusayan at kagandahan ng kakayahang ito. Nawawalan ng gana ang mag-aaral na sumulat kung alam niya at nakikitang hindi siya kagalinangan sa gawaing ito.

Kaya para sa mga guro sa elementarya, bigyang-pansin ang pagtuturo sa mga mag-aaral kung paano makakamit ang pagkakaroon ng maayos o magandang sulat-kamay. Kinakailangang sundin ang tamang proseso ng pagtuturo ng pagsulat mula sa mga pagsulat ng mga simbolo, mga titik, mga salita at pangungusap. Marapat ding sanayin ang mga mag-aaral sa pagsulat ng kabit-kabit (*cursive)* at ipabatid na ang ganitong paraan ng sulat-kamay ang kinakailangan sa pagsusulat sa mga gawaing pasulat sa paaralan. Ang sulat-kamay ay repleksyon ng pagkatao ng isang indibidwal. Kung maayos at maganda ang sulat-kamay ng isang mag-aaral ito ay nangangahulugang ganoon ang kanyang katangian anuman ang ginagawa niya.

Kinakailangang matutuhan din ng mga mag-aaral ang wastong paglalagay ng margin at wastong pagtatalata. Ang mga ito ay ilan sa mga pangunahing dapat tandaan at dapat taglay sa mga gawaing pasulat ng mga mag-aaral.

Makikita naman sa larawan ang umusbong na balangkas ng pag-aaral. Ang mag-aaral ang siyang sentro ng larawan na nasa gitna ng kahon na nahahati sa apat. Ang mag-aaral ay ang pangunahing dahilan kung bakit may nagaganap na pagtuturo at pagkakatuto. Subalit sa apat na hati, makikita ang mga suliraning kanyang nararanasan pagdating sa kasanayan sa pagsulat. Ang problemang nakita ay batay sa maling paggamit ng mga bantas, kamalian sa paggamit ng wastong gamit ng salita, maling pagbabaybay ng mga salita at kahinaan sa pagsunod sa mga mekaniks sa pagsulat.

Nakapalibot naman sa labas ng kahon ang mga mungkahing maaaring ibigay ng guro tulad ng pagbibigay ng sapat na oras sa pagsulat, pagbibigay ng fidbak, paggabay ng guro at pagbibigay ng mga halimbawa at mga pagsasanay upang ang mga problemang nakita sa mga gawaing pasulat ng mga mag-aaral ay maitama o mapaunlad. Ang guro ay isa sa mga salik kung paano mapauunlad ng mag-aaral ang kakayahan nila tungo sa intelektwalisadong pagsulat sapagkat siya ang responsable sa pagtuturo sa proseso ng pagkatuto sa pagsulat. Malaking responsibiladad ang kinahaharap ng guro hinggil sa kinalabasan ng pag-aaral subalit kung maibibigay niya ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral hinggil sa mga kasanayang nakapaloob sa *curriculum guide* ay isang malaking tagumpay ito hindi lamang sa kanya, bagkus ay higit sa kanyang mga mag-aaral na siyang pinakasentro ng K to 12 *curriculum*. Ang mga "*arrow*" sa labas ng kahon ay nagpapahiwatig na ang guro pa rin ang

pinakamahalagang instrumento upang maging mabisa sa lahat ng mga kasanayan ang mga mag-aaral partikular na sa intelektwalisadong pagsulat.

Umusbong na Balangkas ng Pag-aaral



Sa isinagawang pagsusuri sa mga gawaing pasulat ng mga mag-aaral malinaw na maraming mga tuntunin sa pagsulat ang nagiging suliranin ng mga mag-aaral. Bilang paglalagom, malinaw na ipinakikita ng pag-aaral na malaki ang problemang kinahaharap ng

mga guro pagdating sa pagpapaunlad sa kasanayan sa pagsulat partikular sa paggamit ng mga bantas, wastong gamit ng salita, pagbabaybay ng mga salita at anyo ng sulatin.

Mainam na bigyang-diin sa elementarya ang pagtuturo ng mga kahinaang nakita sa sapagkat dito nagsisimulang natututuhan ng mga mag-aaral ang mga nabanggit na kahinaan nila. Kung mabibigyang-tuon ang mga ito mula sa pinakamababang baitang pa lamang hindi malayong mas maikikintal sa isipan nila ang kanilang natutuhan. Sapagkat anuman ang natututuhan sa murang edad ay mas mananatili sa isipan ng tao.

Sa bahagi ng mag-aaral, ang pagsulat ay isang mabusising gawain. Sa bahagi naman ng guro, ang pagtuturo ng pagsulat at pagwawasto ng mga sulatin ay mahirap na gawain. Dahil sa marami ang babasahing sulatin ng guro at idagdag pa ang mga iwawastong kamalian nila mabigat na tungkulin nga naman ang pagtuturo ng pagsulat. Sa pagwawasto ng mga sulatin ay madaling matukoy kung ano ang kahinaan nila. Madalas sa usapan ng mga guro sa wika, napag-uusapan nila na ang mga sulatin ng mga mag-aaral ay walang saysay sapagkat ang mga ito ay walang malinaw na ideyang naipahahayag dahil sa hindi gaanong pinagtutuunan ng pansin. Ang mahalaga lamang sa mga mag-aaral ay makapagpasa kahit na hindi na makabuluhan ang kanilang isusulat.

Sa mga naging sagot naman ng mga mag-aaral sa talatanungan hinggil sa kanilang pagsulat ay tinukoy nila ang mga dahilan kung bakit sila ay medyo nahihirapan o lubusang nahihirapan. Nahihirapan sila dahil hindi sila sanay sa pagsulat at hindi sapat ang kaalaman sa gramatika at malikhaing pagsulat. Ayon sa pagtataya ni Nik, et.al. na binaggit ni Linco (2013), ang nakikitang pinakasuliranin sa pagsulat ay ang nilalaman, bokabularyo, ang wikang gagamitin at mga tuntunin sa pagsulat.

Ang kanilang tinukoy na dahilan ay isang malaking problema pagdating sa pagtuturo sapagkat ang pagsulat ay isang proseso na kung saan nangangailangan ng sapat na kaalaman sa isusulat. Kung hindi sanay at hindi hilig ng mag-aaral ang pagsulat ito nga ay malaking problema sa kanya sapagkat sa kurikulum ng Filipino ay hindi nawawala ang pagsulat.

Ang paksa ay isa rin sa mga dapat isaalaang-alang sa pagsulat. Batay sa *Curriculum Guide* ng Filipino 7, may mga pagkakataong ang mga mag-aaral ay binibigyan kaagad ng paksa na kanilang isusulat at kung minsan naman ay maaari silang pumili ng kanilang sariling paksa na nakaayon sa kasanayang dapat matamo ng mga mag-aaral. Kung may paksa kaagad na ibinibigay sa mga mag-aaral ay maaaring maging balakid ito sa kanila. Sapagkat ayon kay Atanacio (2016), upang maging epektibo ang gagawing pagsusulat kinakailangang nauunawaan at mayroong tiyak na kaalaman sa lahat ng mahahalagang impormasyon tungkol sa paksang ibinigay. Ang malayang pagpili naman ng paksa ay makatutulong naman sa mag-aaral sapagkat tiyak na may kaalaman sila sa paksang kanilang pipiliin at sa gayon ay makakapagsulat sila ng maayos. Maiiwasan marahil ang kamalian sa ganitong pagkakataon sapagkat maalam sila sa kanilang paksang napili.

Sa ganitong pagkakataon, marapat lamang na ang tagagawa ng kurikulum ay huwag ikulong sa isang paksa ang mga mag-aaral. Kinakailangang isaalang-alang ang kawilihan ng mga mag-aaral sa paksa ng kanilang gagawing sulatin.

Nahihirapan din ang mga mag-aaral kung paano sisimulan at wawakasan ang kanilang mga sulatin. Ang pagsisimula ng isang sulatin ay isang pagsubok sa manunulat sapagkat dito nakasalalay ang kawilihan ng mambabasa na basahin ang sulatin. Kinakailangang maging masining at kaaakit-akit ang panimula upang mahikayat ang mambabasa na ipagpatuloy ang kanyang pagbasa. Kinakailangang alam ng mga mag-aaral ang mga paraan kung paano sisimulan ang isang sulatin sa gayo'y magkaroon siya ng ideya at matutuhan niya kung paano mapupukaw ang interes ng mambabasa na basahin ang kanyang sulatin.

Ayon kay Mallari (2008), ang pakikipag-usap sa guro ay makatutulong sa manunulat na nahihirapan kung paano nila sisimulan at mapauunlad ang kanilang sulatin. Ito marahil ay isang pagkakataon para sa tuwiran at agaran ang pagtuturo ng mga kumplikadong proseso at kasanayang may kinalaman sa pagsulat.

Dahil ang pagsulat ay mabusising gawain kinakailangan ng sapat na oras upang matapos ang sulatin ng maayos at malinaw ang inilalahad. Ayon sa rekomendasyon ni Sousa na tinukoy ni Linco (2013) kung paano maiiwasan ang kahinaan ng mga mag-aaral sa mga gawaing pasulat, ito ay sa pamamagitan ng mga interbensyon gaya ng pagbibigay ng sapat na oras at paggabay sa mga mag-aaral upang mapaunlad ang masteri sa mga kritikal na kasanayan ng pagsulat. Kung gayon upang maging makabuluhan ang sulatin ng mag-aaral kinakailangan talaga niya ng oras upang makapag-isip nang maayos at kanyang maipahayag nang malinaw ang kanyang mga ideya o kaalaman. Maaari ring maglaan ng oras ang guro batay sa kakayahan ng mga mag-aaral. May mga mag-aaral na hindi kailangang bigyan ng mahabang oras sapagkat sanay sila sa pagsulat subalit may mga mag-aaral naman kailangan ang mahabang oras sapagkat hirap o hindi sila sanay sa pagsulat. Kaya naman bilang isang guro, marapat lamang na tayain ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat upang malaman kung sapat ba ang naibibigay na oras sa kanila.

Maaari ring magkaroon ng interbensyon sa pagsusulat na kaugnay ng gawaing pagbasa at pagsulat sa mga panlunas na gawain. Ang panlunas na pagkaklase (*remedial instruction*) ay maaaring makatulong upang ang mga mag-aaral na hirap o nangangailangan ng mahabang oras sa pagsulat ay matugunan ang kinakailangang panahon upang maisagawa ang gawain. Ito ay maaaring dagdag na gawain sa bahagi ng guro subalit ito ay magsisilbing daan upang ang mga mag-aaral na nangangailangan ng sapat na oras sa pagsulat ay matatamo ang kasanayang dapat mahasa sa kanya.

Nahihirapan din ang mga mag-aaral na unawain ang mga panuto sa pagsulat. Nakararanas sila ng kalituhan kaya't hindi nakasusunod sa mga pamantayang dapat matamo. Ayon kay Paligat (2016), sa pagbibigay ng panuto sa pagsulat, kinakailangang mabigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na tukuyin ang iba't ibang proseso na makatutulong upang

makapagsulat nang mas maayos habang sila ay lumilipat mula sa isang konteksto ng pagsulat patungo sa iba. Upang maging maayos ang gagawing sulatin, marapat lamang na nauunawaan ng mag-aaral kung ano ang dapat niyang isulat at ang layunin kung bakit siya magsusulat. Sa ganitong paraan ay magiging malinaw sa kanya kung ang kanyang isinusulat ay wasto.

Marahil sa dami naman ng ginagawa ng mga guro ay hindi nabibigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral ng agarang pagsubaybay sa mga sulatin dahil sa hindi kaagad naiwawasto ang mga ito upang makapagbigay ng fidbak sa kanilng ginawa na ayon kay Panaguiton (2011). Responsibilidad ng guro na iwasto kaagad ang sulatin ng mga mag-aaral upang kaagad na mabatid ang kamalian ng sulatin ng mga mag-aaral. Sa gayo'y sa susunod na pagsulat ay maiiwasan na ang pagkakamali.

Sa pagsusuring isinagawa ay maraming mga suliranin ang kinahaharap ng mga mag-aaral sa kanilang pagsulat. Maliban sa mga nakita ng mananaliksik na suliranin, makikita rin batay sa mga sagot sa talatanungan ay may mga nais pa silang matutuhan at mabigyang-pansin upang maging matagumpay na maisakatuparan ang mga kasanayang dapat matamo sa kanilang pagsulat. Kaya naman ang mananaliksik ay naghanap ng ilang pamamaraan upang makatulong sa lumalalang kahinaan ng mga mag-aaral sa pagsulat.

Ayon kay Panaguiton (2011), natuklasan na ang mga mag-aaral na kasangkot sa pansariling pagwawasto at pangkatang pagwawasto ng mga kamalian sa pagsulat ay mas nabubuo ng magandang sulatin ang mga mag-aaral. Idinagdag pa niya ang sinabi ni Tait (2011), na ang pagsangkot sa mga mag-aaral sa pansariling pagwawasto ng mga kamalian ay isa sa mga sangkap sa mga gawaing pasulat. Sa ganitong pamamaraan, nasusuri ng mag-aaral ang kanyang sariling sulatin na maaaring makatulong upang mas maging maingat siya sa susunod upang hindi magkaroon ng maraming pagkakamali ang kanyang sulatin. Ang mag-aaral mismo ang maaaring tumuklas kung bakit mali ang kanyang isinulat at makapaghanap ng ibang solusyon kung paano itatama ang pagkakamali.

Ayon pa kay Panaguiton (2011), binanggit ni Wood na ang pansariling pagwawasto ay kinakitaan ng pagganyak sa mga mag-aaral sapagkat sila ay natutuwang balikan ang kanilang sulatin lalo na kapag ikinumpara sa kanilang burador. Ang estratehiyang ito ay nakapagbubuo ng higit na magandang sulatin.

Ang pangkatang pagwawasto ay isa ring pamamaraan na ayon sa mga manunulat at mananaliksik ay nakatutulong upang makabuo ng magagandang sulatin ang mga mag-aaral. Mas madaling tanggapin ng mga mag-aaral ang mga pagwawasto mula sa kanilang kamag-aral kaysa sa kanilang guro. Ang pamamaraang ito rin ay nakatutulong sa pagbuo ng pagkakaisa o pagtutulungan sa loob ng silid-aralan. Mas mainam nga naman na marami ang makapagwawasto sa mga kamalian ng mga sulatin sa gayo'y malaki ang pagkakataong mas maganda ang kalalabasan at mas mataas ang markang makukuha.

Para sa bahagi ng guro sa pagwawasto, kinakailangang huwag kalimutang gumamit ng pamantayan sa pagmamarka ng mga sulatin. Sa ganitong paraan, mas magiging madali ang pagwawasto sapagkat alam na kung ano ang kailangang bigyang-tuon sa pagwawasto. Naipakikita rin ng guro ang pagiging tapat at patas sa pagbibigay ng marka sa mag-aaral.

Ang pagbibigay naman ng fidbak ang isang mahalagang bahagi sa proseso ng pagsulat. Ayon kay Becker na binanggit ni Reyes (2015), ito ay isang paaran upang bigyan ng pagkakataon ang mga guro at kamag-aral na magbigay ng mga suhesyon hinggil sa kanilang sulatin. Sa ganitong paraan, natatalakay ang mga kalakasan at kahinaan ng mga mag-aaral sa kanilang pagsulat. Nakapagbibigay ng motibasyon sa mga mag-aaral na lalo pang paghusayan ang kanilang sulatin kapag nakatatanggap sila ng magandang fidbak mula sa guro at maging sa kapwa mag-aaral. Sa kabilang dako, ang pagtukoy naman sa kahinaan ng kanilang sulatin ay nakapagbibigay rin ng tulong upang mas maging mahusay ang kanilang sulatin sa susunod. Sa ganitong paraan nakikita ng mag-aaral na ang kanyang ginagawa ay nabibigyang-pansin kahit na may mga kakulangan sa kanilang ginawa.

Batay sa mga naging resulta ng pag-aaral, iminumungkahing magsagawa ng pag-aaral hinggil sa pagsusuri sa mga kasanayang dapat matutuhan ng mga mag-aaral sa pagsulat sa mas mababang baitang. Ito ay upang makita kung ang mga mag-aaral sa Baitang 7 ay handa na sa anumang uri ng gawaing may kinalaman sa pagsulat. Kung titingnan ang *curriculum guide* sa Baitang 1 hanggang 6 ay itinuturo naman ang mga suliraning nakita sa pag-aaral na ito. Sa Baitang 1 pa lamang ay nagsisimula nang malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat pagdating sa wastong baybay, bantas at mekaniks sa pagsulat. Patuloy naman itong mahahasa sa mga susunod na baitang ngunit ang nakababahala ay kung bakit marami pa ring kamalian ang makikita sa mga sulatin ng mga mag-aaral.

Matatamo lamang ang intelekwalisadong pagsulat kung mabibigyang-pansin ang mga kahinaan o suliraning nararanasan ng mga mag-aaral sa kanilang mga gawaing pasulat. Natututunan ang pagsulat sa pamamagitan ng mahabang proseso kaya naman kinakailangan ang maingat na pagtuturo sa kasanayang ito. Kung masusundan ang tamang proseso ng pagtuturo nito mula sa pinakapayak na kaalaman hanggang pinakakumplikadong kaalaman sa pagsulat ay tiyak na matatamo ng mga mag-aaral ang inaasahang intelektwalisadong pagsulat. Kapag natamo ito ay maaaring magamit nila ang kaalamang ito sa pinakamataas na antas ng karunungan sa iba't ibang larangan ng pagtatrabaho hindi lamang sa ating bansa kundi pati sa ibang panig ng mundo.

Para sa mga guro, tunay na malaking hamon ang pagtuturo ng pagsulat ngunit sa responsibilidad na tinanggap bilang guro, marapat lamang na ibigay sa mga mag-aaral ang mga tulong upang matugunan ang mga kailangan nilang malaman sa pagsulat. Kinakailangang sundin ang mga tuntunin kung paano dapat ituro ang pagsulat hanggang sa pagwawasto ng mga sulatin. Huwag ipagkait sa mga mag-aaral ang mga dapat nilang malaman pagkatapos nilang magsulat sapagkat dito nila matataya kung may pag-unlad sa kanilang mga sulatin.

Sa tagagawa naman ng kurikulum, maaaring muling pag-aralan ang mga kasanayan sa mababang antas o elementarya kung sapat na ba ang kanilang natutuhan partikular sa mga nakitang suliranin ng mga mag-aaral sa pag-aaral na ito. Sa ganitong paraan ay matutukoy kung handa na ba ang mag-aaral na makasulat nang higit sa inaasahan sa mga kasanayang nakapaloob sa *curriculum guide.*

Sa ibang mananaliksik naman maaaring maging gabay ito upang gumawa ng pag-aaral hinggil sa gawaing pasulat ng mga mag-aaral sa mas mababang baitang. Dito maaaring matukoy kung sapat na ang kanilang kaalaman at kakayahan sa pagsulat na magsisilbing pundasyon upang matugunan ang mga kasanayan sa mas mataas na baitang.

Iminumungkahi rin na magsagawa ng palihan o pagsasanay sa mga guro na isama ang pagsulat sa paksa at tuwirang ituro sa klase ang mga listahan ng mga pagkakamaling nakita para mabigyang-diin sa pagtuturo.

Ang pag-aaral na ito ay maaaring maging gabay rin upang malaman kung nabibigyang-diin ba sa pagtuturo sa mas mababang baitang ang gamit ng mga bantas, wastong gamit ng salita, wastong pagbabaybay ng mga salita at mga pangunahing tuntunin sa pagsulat.

Kung hindi mabibigyan ng agarang solusyon ang mga suliraning nabanggit sa pag-aaral maaaring mas lumala pa ang problemang kakaharapin ng mga guro. Sa gayon ay hindi matutugunan ang layunin ng kurikulum na ang mag-aaral ng K to 12 ay kinakailangang malinang ang kanyang kakayahang komunikatibo kung saan nabibilang ang pagsulat.

Ang kaunlaran din na minimithi ng isang bansa para sa kanyang mamamayan ay maaaring maaapektuhan ng suliraning nararanasan hinggil sa pagsulat. Kung gayon, marapat lamang na ibigay sa isang indibidwal ang lahat na makatutulong sa kanyang pag-unlad. Kaya naman, ang pagsulat na isang mahalagang bahagi ng buhay ng tao ay dapat paunlarin, pagyamanin at pahalagahan. Sapagkat, ang kasanayang ito ay kasama ng tao saan man panig ng mundo siya naroroon at anumang propesyong kanyang tatahakin.

SANGGUNIAN

Alegado, C. T., Diaz, M.L., Dizon, L.J., Gaddi, E. G., Manaloto M. & Sangalang, C. (2015). *Umuusbong na Gamit ng mga Bantas sa Social Median.* Holy Angel University. Angeles City, Pampanga.

Alvarado, K. C. (2015). *Modified Instructional Word Games in Developing Vocabulary and Spelling Proficiency Among Grade 7 Students.* Holy Angel University. Angeles City, Pampanga.

Anastacio, H. C., Lingat, Y.S. & Morales, R.D. (2016). *Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik.* C & E Publishing Inc. Quezon City. p. 113

Ayson, M. G. (2015). *Pagtataya sa mga Kasanayang Gramatikal: Batayan sa Pagbuo ng Kagamitang Pampagtuturo*. Holy Angel University. Angeles City, Pampanga.

Badayos, P. (1999). M*etodolohiya sa Pagtuturo ng Wika: Teorya, Simulain at Istratehiya.* Grandwater Publications and Research Corp. Makati City.

Bernales, R. A., Sison, E.O., Babasa, E.E., Cruz, M.A.F., Madre, A., Noble, A.A., Perez, S.D., Ramos, T.D.G. & Quijano, M.L.Q. (2009). *Retorika: Ang Sining ng Pagpapahayag.* Mutya Publishing House, Inc. Malabon City.

Bognot, C. N. (2008). *Mga Paraan Upang Maiwasan ang mga Pagkakamali sa Pagbabaybay ng mga Salita sa Filipino Dulot ng Text Messaging.* Holy Angel University. Angeles City, Pampanga.

Carlos, J. A. (2012). *Using Multimedia Technology in Improving Word Recognition and Comprehension of Grade One Struggling Readers*. Holy Angel University. Angeles City, Pampanga.

Cortez, E. D. (2016). *Pagtataya sa mga Kaalaman sa mga Wastong Gamit ng mga Salita: Batayan sa Pagbuo ng Kagamitang Pampagtuturo*. Holy Angel University. Angeles City, Pampanga.

David, S. O. (2015). *Students Grammatical Competencies: Basic for an Instructional Module in Effective Writing*. Holy Angel University. Angeles City, Pampanga.

Department of Education. (2015). Deped Order 8, s. 2015: *Policy on Guidelines on Classroom Assessment for the K to 12 Basic Education Program.* p. 21. Hinango sa http://www.deped.gov.ph/sites/default/files/order/2015/DO_s2015_08.pdf.

Dizon, S. O. (2015). *The Spelling Proficiency vis-à-vis Phonetic Awareness* Holy Angel University. Holy Angel University. Angeles City, Pampanga.

Earp, J. (2017). *Developing Student Writing Skills.* Teacher Magazine. Hinango noong Setyembre 21, 2018 sa https://www.teachermagazine.com.au/articles/ developing-student-writing-skills.

Elo, S. & Kyngas, H. (2007). The Qualitative Content Analysis Process. *Journal for Advanced Nursing 62*, 107 – 115.

Iftanti, E. (2016). *Improving Students' Writing Skills through Writing Journal Articles*. Research Gate. 8, 2. Hinango noong September 21, 2018 https://www. researchgate.net/publication/312347125_IMPROVING_STUDENTS'_WRITING_S KILLS_THROUGH_WRITING_JOUR NAL_ARTICLES.

King, D.H. & Krypel, M.N. (2010). Stress, coping styles, and optimism: are they related to meaning of education in students' lives? *Social Psychology of Education 13*, 410. Hinango noong September 22, 2017 sa https://link.springer.com/article/ 10.1007/s11218-010-9132-0.

Komisyon ng Wikang Filipino. (2013). *Binagong Gabay sa Ortograpiya ng Wikang Filipino*. p. 3. Hinango noong Seyembre 21, 2017 sa https://kalatasliteraryezine.files. worpress.com/2013/05/2013-binagong-gabay-ortograpiya-sa-wikang-filipino_ikalawang -borador.pdf.

Linco, L. L. (2013*). Instructional Scaffolding Techniques and Writing Performance of English Language Learners*. University of the Philippines. Diliman, Quezon City.

Mallari, F. B. (2008). *Student-Teacher Conferencing and Academic Writing Performance.* University of the Assumption. Diliman, Quezon City.

Martinez, E. P. (2009). *"D2 n me" Text Messaging Kasangga o Katunggali sa Gawaing Akademikong Pagsulat sa Filipino ng mga Mag-aaral sa Kolehiyo*. University of the Assumption. City of San Fernando, Pampanga.

Pacific Policy Research Center. (2015). *"21st Century Skills for Students and Teachers." Honolulu: Kamehameha Schools,* Research & Evaluation Division. Hinango noong Setyembre 22, 2017 sa <http://www.ksbe.edu/_assets/spi/pdfs/21_century_skills_ full.pdf>.

Paligat, E. P. (2016). *Process Writing and Writing Performance of Police Trainees in a Large Class Setting.* University of the Philippines. Diliman, Quezon City.

Panaguiton, R. A. (2011). *Treatment of Errors and Written Outputs of High School Students. University of the Philippines.* Diliman, Quezon City.

Reyes, K. B. (2015). Feedback-Giving Modes, Students Attitude Toward Feedback-giving, and Quality of Written Outputs. University of the Philippines. Diliman, Quezon City.

Rivera, J. (2011). Creating Harmony amidst Diversity in Schools 41. *The Summit*. University of the Assumption. City of San Fernando, Pampanga.

Sibayan, B. P. (2015). *The Intellectualization of Filipino.* National Commision for Culture and the Arts. Hinango noong Oktubre 9, 2018 sa http://ncca. gov.ph/subcommissions/subcommission-on-cultural-disseminationscd/language-and-translation/ the -intellectualization-of-filipino/.

Silverman, D. (2000). *Doing Qualitative Research: A Practical Handbook*. SAGE Publishing Ltd. London. p. 147.

Sowell, E. J. (2005). *Curriculum: An Integrative Introduction.* Pearson Education, Inc. New Jersy. p. 4.

Sunga III, C. D. (2015). *Ang Estilo ng Text Messaging tungo sa Pagbuo ng Patnubay sa Pagsulat ng Komposisyon.* Holy Angel University. Angeles City, Pampanga.

Tompkins, Gail. 2003. *Literacy for the 21th Century* Third Edition. Pearson Education, Inc. New Jersey.

Tornio, S. (2015). 7 Reasons Why Handwriting Matters. *We are Teachers.* Hinango noong Oktubre 9, 2018 sa https://www.weareteachers.com/7-reasons-why-handwriting-matters-and-your-should-teach-it/.

Tumangan, A.P. (1997). *Retorika sa Kolehiyo. Grandwater.* Publications and Research Corporation. Makati City.

Wisker, G. (2001). *The Postgraduate Research Handbook*. PALGRAVE. New York, N.Y.

Yumul, G. Y. (2005). *The College Students' Level of Writing Competencies: Benchmark for Enhancing the Creative Writing Course at Holy Angel University.* Holy Angel University. Angeles City, Pampanga.